# THE REVELATION OF JESUS CHRIST – PART 1 – INTRODUCTION
## Ang APOCALIPSIS ni Jesu-Cristo

Bible Versions

For July 11, 2021 – Sunday Online Worship Service

Bible Version:  TAB (Ang Dating Ang Biblia, at KJV, maliban na kung babanggitin)

## I. PASIMULA:

Ang **APOC** ay ang huling aklat sa Bagong Tipan na naglalarawan at nagsasaad ng mga paghahayag mula kay Cristo.  Ang salitang **APOC** ay mula sa wikang Griego na apokalupsis

**ap-ok-al'-oop-sis**

From G601; disclosure: - appearing, coming, lighten, manifestation, be revealed, Revelation.

Karamihan sa mga pahayag nito ay inilarawan sa imahe ("image").  Hindi naman sinasadya na ilarawan ni Apostol Juan ang **APOC** sa ganitong paraan dahil kung ano lamang ang kaniyang nakita at narinig ay iyon ang kanyang isinulat ayon sa kanyang kakayahan ng pagsasalarawan nuong kaniyang kapanahunan.

> **APOC 1:11**  Na nagsasabi, Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang aklat at iyong ipadala sa pitong iglesia: sa Efeso, at sa Smirna, at sa Pergamo, at sa Tiatira, at sa Sardis, at sa Filadelfia, at sa Laodicea.
>
> ☐ ***ESV Rev 1:11*** *saying, "Write what you see in a book and send it to the seven churches, to Ephesus and to Smyrna and to Pergamum and to Thyatira and to Sardis and to Philadelphia and to Laodicea."*

At kapag mayroong gustong isulat si Juan na ayaw ipasulat ng Diyos ay sinasabihan siya na huwag ito isulat gaya halimbawa:

> **Apoc 10:4**  At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat.

- ***Rev 10:4*** *And when the seven thunders had uttered their voices, I was about to write: and I heard a voice from heaven saying unto me, Seal up those things which the seven thunders uttered, and write them not.*

Ito’y isa lamang pagpapatunay na anomang naisulat sa Biblia ay hindi ayon sa kalooban ng tao kundi ayon sa kalooban at gabay ng Diyos:

**2Pe 1:20** Na maalaman muna ito, na alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag.

- ***2Pe 1:20*** *Knowing this first, that no prophecy of the scripture is of any private interpretation.*

**2Pe 1:21** Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo.

- ***2Pe 1:21*** *For the prophecy came not in old time by the will of man: but holy men of God spake as they were moved by the Holy Ghost.*

Ang aklat ng **APOC**, marahil ay isa sa pinakamaselan na akat ng Biblia na may taglay na mga sumpa sa sinomang magdadagdag at magbabawas sa mga nakasulat dito:

## 1. BABALA SA MAGDADAGDAG SA NAKASULAT

**APOC 22:18** Aking sinasaksihan sa bawa't taong nakikinig sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito:

- ***Rev 22:18*** *For I testify unto every man that heareth the words of the prophecy of this book, If any man shall add unto these things, God shall add unto him the plagues that are written in this book:*

## 2. BABALA SA MAGBABAWAS SA NAKASULAT

**APOC 22:19** At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at sa bayang banal, na nangakasulat sa aklat na ito.

- ***Rev 22:19*** *And if any man shall take away from the words of the book of this prophecy, God shall take away his part out of the book of life, and out of the holy city, and from the things which are written in this book.*

## 3. ANG PINAGMULAN NG APOC

### *a) GALNG SA AMANG DIYOS □ JESU-CRISTO -> ANGHEL -> JUAN*

Ang **APOC** o Pahayag ay galing mismo sa Diyos Ama at ibinigay kay Cristo at si Cristo naman ay ipinaalam ito kay Apostol Juan sa pamamagitan ng isang anghel.

**APOC 1:1** Ang apocalipsis ni Jesucristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan;

-  ***Rev 1:1*** *The Revelation of Jesus Christ, which God gave unto him, to shew unto his servants things which must shortly come to pass; and he sent and signified it by his angel unto his servant John:*

KOMENTO: Sa unang talata pa lamang ay nakikita na natin ang halaga ng aklat na ito para sa ating mga mananampalataya. Ang layunin ng aklat ay: "…*upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali…"*

### *b) ISINULAT NUONG SI JUAN AY NASA PULO NG PATMOS*

**Rev 1:9** Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong karamay sa kapighatian at sa kaharian at sa pagtitiis na kay Jesus, ay nasasa pulo na tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Dios at sa patotoo ni Jesus.

-  ***Rev 1:9*** *I John, who also am your brother, and companion in tribulation, and in the kingdom and patience of Jesus Christ, was in the isle that is called Patmos, for the word of God, and for the testimony of Jesus Christ.*

Ang sabi ng ilan ay hindi daw si Apostol Juan iyan, kundi ibang Juan. Ang sabi naman ng nakararami at nagging traditional na na ang Juan na tinutuloy dito ay si Apostol Juan mismo. Kung sinomang Juan ang tinutukoy dito ay hindi narin masyadong mahalaga, ang mahalaga ay malinaw na ang Apocalipsis ay galling sa Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo.

***c) Nasasa pulo na tinatawag na Patmos.***

Ang Patmos ay isang maliit na isla sa Aegean sea sa Asia Minor na nuon ay nasasakop ng Roman Empire. Si Juan ay naroon dahil ipinatapon siya duon ng Gobiyerno ng Roma nuong panahon ni Domitian na Roman Emperor na naghari nuong 81-96 AD.

Masasabi na ang **APOC** ay may kaugayan sa aklat ni Daniel at sa iba pang mga aklat ng mga propesiya sa Matandang Tipan. Halimbawa, sa aklat ni Daniel, gaya ng sa **APOC** ito ay nagsasaad ng parehong palatandaan na papalapit na kawakasan:

Sa Daniel ay nakasara (may tatak) ang mga hula hanggang sa panahon ng kawakasan. Ibig sabihin ay nakalihim ang mga kahulugan nito hanggang sa dumating na ang takdang oras, samakatuwid baga'y ang panahon ng kawakasan. Ang isang palatandaan na nalalapit na ang panahon ng kawakasan ay kapag marami ang *"tatakbo ng paroo't parito"* at ang kaalaman ay lalago.

**Dan 12:4** Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.

- ***Dan 12:4*** *But thou, O Daniel, shut up the words, and seal the book, even to the time of the end: many shall run to and fro, and knowledge shall be increased.*

Maging si Daniel mismo ay hindi maunawaan ang kaniyang mga narinig dahil nakasara nga ang aklat.

**Dan 12:8 At aking narinig, nguni't di ko naunawa**: nang magkagayo'y sinabi ko, Oh Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito?

- ***Dan 12:8*** *And I heard, but I understood not: then said I, O my Lord, what shall be the end of these things?*

**Dan 12:9** At sinabi niya, Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel; sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan hanggang sa panahon ng kawakasan.

- ***Dan 12:9*** *And he said, Go thy way, Daniel: for the words are closed up and sealed till the time of the end.*

HANGGANG SA PANAHON NG KAWAKASAN.  ITO ANG PANAHON NA MABUBUKSAN NA ANG NAKASARANG MGA PROPESIYA NA NAISULAT NI DANIEL.  ITO ANG PANAHON NA MATATAPOS NA ANG KASAYSAYAN NG SANGLIBUTAN.  AT ANG PANAHONG ITO AY NAGSIMULA NA NUONG ANG PANGINOONG JESUS AY ISINILANG AT NANGARAL SA LUPA.  SINASABI NG SA HEBREO 1:2 TUNGKOL SA MGA HULING ARAW …

**Heb 1:2** Ay nagsalita sa atin sa **mga huling araw na ito** sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;

- ***Heb 1:2*** *Hath in these last days spoken unto us by his Son, whom he hath appointed heir of all things, by whom also he made the worlds;*

**Dan 12:10** Marami ang magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay; nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan; at wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas ay mangakakaunawa.

- ***Dan 12:10*** *Many shall be purified, and made white, and tried; but the wicked shall do wickedly: and none of the wicked shall understand; but the wise shall understand.*

Sa **APOC** ay “walang tatak” ang mga salita.  Ibig sabihin ay ito ay mauunawaan ng bumabasa at dito ay sinasabi na “malapit na ang wakas”.

**Apoc 22:10** At sinasabi niya sa akin, Huwag mong tatakan ang mga salita ng hula ng aklat na ito; sapagka't malapit na ang panahon.

- ***Rev 22:10*** *And he saith unto me, Seal not the sayings of the prophecy of this book: for the time is at hand.*

**Apoc 22:11** Ang liko, ay magpakaliko pa: at ang marumi, ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa.

- ***Rev 22:11*** *He that is unjust, let him be unjust still: and he which is filthy, let him be filthy still: and he that is righteous, let him be righteous still: and he that is holy, let him be holy still.*

## II. BAKIT DAPAT PAG-ARALAN ANG APOC?

## 1. (BAKIT DAPAT PAG-ARALAN ANG APOC?) MAY MGA PANGAKO SA BUMABASA AT NAKIKINIG AT TUMUTUPAD NG MGA SALITA NG HULA

Marami mga pangako na mababasa sa aklat ng **APOC** at kung minsan pa ay detalyado ang pagkakasulat ng mga pangako ng Diyos dito. Ang ilan sa mga pangako ng Diyos sa mga magbabasa sa aklat na ito ay ang tinatawag ng iba na "THE 7 BEATITUDE OF REVELATION": "Beatitude", sapagka't kung inyong natatandaan ang ""The Beatitude of Jesus Christ" na taguri ng maraming Bible scholars sa "Sermon on the Mount" sa Mateo kapitulo 5-7, ang mga bungad na mga talata ng Panginoong Jesus ay nagsisimula sa salitang "MAPAPALAD" (BLESSED).

### 2.1 ANG PITONG MAPALAD SA APOC

#### 1) MAPAPALAD ANG BUMABASA AT NAKIKINIG AT TUMUTUPAD

**APOC 1:3** Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na.

- ***Rev 1:3*** *Blessed is he that readeth, and they that hear the words of this prophecy, and keep those things which are written therein: for the time is at hand.*

#### 2) MAPAPALAD ANG MGA PATAY NA NANGAMAMATAY SA PANGINOON

**Apoc 14:13** At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, Isulat mo, Mapapalad ang mga patay na nangamamatay sa Panginoon mula ngayon: oo, sinasabi ng Espiritu, upang sila'y mangagpahinga sa kanilang mga gawa; sapagka't ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila.

- ***Rev 14:13*** *And I heard a voice from heaven saying unto me, Write, Blessed are the dead which die in the Lord from henceforth: Yea, saith the Spirit, that they may rest from their labours; and their works do follow them.*

*KOMENTO:* Ang mga salitang ito ay binitiwan sa kapitulo 14 ng **APOC** na kung saan ay nakita ni Juan na kanyang isunulat ang kasagsagan ng malaking kapighatiang dadanasin ng mga lingkod ng Diyos sapagkat sa Kapitulo 13 ay nagsimula ng maghari ang "huling" anticristo.

### 3) MAPALAD SIYANG NAGPUPUYAT AT NAG-IINGAT NG KANYANG MGA DAMIT

**APOC 16:15** (Narito, ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at nagiingat ng kaniyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kaniyang kahihiyan.)

- ***Rev 16:15*** *Behold, I come as a thief. Blessed is he that watcheth, and keepeth his garments, lest he walk naked, and they see his shame.*

ITO NAMAN AY ISINAAD NG PANGINOONG JESUS SA MGA PANAHON NA MAGAGANAP NA ANG FINAL BATTLE BETWEEN GOOD AND EVIL NA DINADAWAG NA ARMAGEDON. Ang sumunod na talata dito ay …

**Apoc 16:16** At tinipon sila sa dako na sa Hebreo ay tinatawag na Armagedon.

- ***Rev 16:16*** *And he gathered them together into a place called in the Hebrew tongue Armageddon.*

### 4) MAPAPALAD ANG MGA INANYAYAHAN SA PAGHAPON SA KASALAN NG CORDERO

**APOC 19:9** At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios.

- ***Rev 19:9*** *And he saith unto me, Write, Blessed are they which are called unto the marriage supper of the Lamb. And he saith unto me, These are the true sayings of God.*

Ito ay sa panahon bago ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesus. Magkakaroon ng kasalan ng Cordero. Figuratively ay ikakasal si Cristo sa Church. Ang Church ay ang mga mananampalataya kay Cristo. Itinulad sa pagkakasal ang pangyayaring ito dahil dito ay tunay na magkakaroon ng personal at malalim na pagsasama ang Panginoong Jesus sa mga sumasampalataya sa Kanya.

Dito ay mapalad ang mga inanyayahan sa panahon ng kasalan. Ang mga inayayahan dito ay ang mga banal na nabuhay sa Old Testament. Makakasama ng mga mananampalataya sa panahong Cristiano ang mga banal sa Old Testament.

At pagkatapos nito ay muling magbabalik na si Cristo kasama ang mga hukbo sa langit.

### 5) MAPALAD AT BANAL ANG MAKALAKIP SA UNANG PAGKABUHAY NA MAGULI

**APOC 20:6** Mapalad at banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan;

kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at mangaghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.

- ***Rev 20:6*** *Blessed and holy is he that hath part in the first resurrection: on such the second death hath no power, but they shall be priests of God and of Christ, and shall reign with him a thousand years.*

### 6) MAPALAD ANG TUMUTUPAD NG MGA SALITA NG HULA

**APOC 22:7** At narito, ako'y madaling pumaparito. Mapalad ang tumutupad ng mga salita ng hula ng aklat na ito.

- ☐ ***Rev 22:7*** *Behold, I come quickly: blessed is he that keepeth the sayings of the prophecy of this book.*

Kaya nga mahalaga ang pag-aaral ng Apocalypsis dahil paano nating malalaman ang mga gaganapin natin kung hindi natin babasahin ang aklat na ito?

### 7) MAPAPALAD ANG NANGAGHUHUGAS NG KANILANG DAMIT

**APOC 22:14** Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.

- ***(ESV)Rev 22:14*** *Blessed are those who wash their robes, so that they may have the right to the tree of life and that they may enter the city by the gates.*

Ang naghuhugas ng damit, hindi literal, ito ang mga sumasampalataya kay Cristo na kalakip ng kanilang pananampalataya ay iwinawasto nila ang kanilang buhay mula sa masasamang pamumuhay at namumuhay ng ayon sa salita ng Diyos. Ang mga damit ay tumutukoy sa ating mga pamumuhay. Sinasabi ng sa

**Rev 19:8** At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal.

- ***(ESV)Rev 19:8*** *it was granted her to clothe herself with fine linen, bright and pure"-- for the fine linen is the righteous deeds of the saints.*

## 2. (BAKIT DAPAT PAG-ARALAN ANG APOC?) DAPAT PAKINGGAN ANG SINASABI NG ESPIRITU SA MGA IGLESIA.

***d) pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios***

**APOC 2:7** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios.

- ***Rev 2:7*** *He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches; To him that overcometh will I give to eat of the tree of life, which is in the midst of the paradise of God.*

- 

***e) hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan***

**Rev 2:11** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. Ang magtagumpay ay hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan.

- ***Rev 2:11*** *He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches; He that overcometh shall not be hurt of the second death.*

***f) bibigyan ng nakatagong mana, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti***

**Rev 2:17** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng nakatagong mana, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi ang tumatanggap.

- ***Rev 2:17*** *He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches; To him that overcometh will I give to eat of the hidden manna, and will give him a white stone, and in the stone a new name written, which no man knoweth saving he that receiveth it.*

***g) Ang ibang 4 na banggit pa ay magkakatulad sa mga talatang …***

**Apoc 2:29** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.
**Apoc 3:6** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.
**Apoc 3:13** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.
**Apoc 3:22** Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

KOMENTO: Ang panawagang ito ng Panginoong Jesu-Cristo ay pitong beses niyang ginawa sa bawat sulat Niya sa 7 iglesia sa kapitulo 2-3 ng **APOC** na nagpapakita sa atin na kahit tayo sa ating panahon ay dapat unawain ang mga bagay na sinabi ng Panginoon sa 7 iglesia. (Apoc. 2:7, 11, 17, 29; 3:6, 13, 22)

Ang mga pangakong ito ng pagpapala ay humihikayat sa atin na lalo tayong maging tapat sa Diyos at manatili sa pananampalataya sa dalawang kaparaanan:

1. Sa pamamagitan ng pagkaunawa na, sa kabila na naghahari ang kasamaan, Ang Diyos parin ang may kapangyarihan sa lahat ng mga nagaganap sa kasaysayan.
2. at ang pangako ng muling pagbabalik ni Cristo upang parusahan ang mga masasama at kunin at iligtas ang mga banal.

### 3. (BAKIT DAPAT PAG-ARALAN ANG APOC?) ANG MGA PROPESIYA AY NAGSISILBING PROTEKSYON NATIN SA PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA

Ang mga propesiya ng **APOC** ay tumutulong sa atin, sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mangyayari sa hinaharap, upang tayo ay mabigyan ng proteksyon na mailigaw ng maling relihiyon at maling aral.

4.1 – Hindi tayo dapat masurpresa o maalarma kung may mga mananampalataya na magiging martir o mamatay sa pag-uusig.

4.2 - Kapag ang sistema ng ekonomiya (economic system) ay nagbawal na bumili at magbenta sa mga hindi kaaliyado ng Anticristo (na magpapanggap na tagapagligtas), hindi tayo dapat madaya at mapilit na sumunod.

4.3 - Ang **APOC** ay nagpapakita na ang huling resulta o sa bandang huli ay higit na makabubuti sa mga magtatagumpay – sa mga nanatili sa pananampalataya at patotoo ni Jesus kapag ang lahat ng mga bagay ay naganap na.

4.4 - Makikita natin sa aklat ng **APOC** na maigi pa sa mga tapat sa Panginoon ang magutom at mamatay, kaysa magbago ng katapatan at maparusahan ng mga salot at maihagis sa dagat-dagatang apoy.

Kaya nga, ang **APOC** ay isinulat upang maunawaan ng mga mananampalataya ang mga bagay na darating sa hinaharap upang maging handa ang bawa’t isa kung

ito’y abutan nila sa kanilang kapanahunan at upang higit pang lumalim ang ating pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos.

***-Wakas –***